

Mahal na Punong Guro, Guro o Kasama sa Trabaho

Paksa: Ang Global na Kampanya ng UNGEI para sa Edukasyon - Big Story Lesson 2011 Linggo ng Global na Aksyon: "Isa syang karapatan, gawin nating tama! Edukasyon para sa mga Batang Babae at Kababaihan NGAYON NA!"

Ang East Asia Pacific Regional United Nations Girls' Education Initiative (EAP UNGEI) ay isinusulong ang Global na Kampanya para sa Edukasyon at inaanyayahan ang inyong paaralan para makilahok sa **The Big Story Lesson na gaganapin mula ika-2 hanggang ika-8 ng Mayo 2011**. Sa higit na 100 bansa sa mundo, milyun-milyong mga bata at matanda ay sasali sa proyektong Big Story para makinig sa mga kuwento na kapupulutan ng inspirasyon tungkol sa mga kababaihan at batang babae na nakatapos ng pag-aaral sa kabila ng madaming balakid sa buhay. Inaasahan namin ang pakikilahok ng inyong paaralan sa mahalagang kaganapan na ito at sana'y makapagbigay ito ng aral at aliw sa lahat ng inyong mga mag-aaral.

Ang Big Story Lesson ay tungkol sa kahalagahan ng pagbibigay ng edukasyon sa mga kababaihan at batang babae. Maraming kababaihan at batang babae ang hindi marunong bumasa at sumulat sapagkat hindi sila nakapagaral. Kahit na ang iba sa kanila ay nagkaroon ng pagkakataong makapag-aral, kinailangan din nilang huminto dahil sa kawalan ng pera para sa kanilang matrikula. Ang ating mga pinuno ay nangako na kanilang isusulong ang usapin ng pagpapaaral sa mga kababaihan at mga batang babae at kami ay umaasa na ang pangakong ito ay matutupad sa 2011.

Kasama ng milyung-milyong tao sa iba't ibang bahagi ng mundo, ang mga guro at mag-aaral sa inyong paaralan ay magkakaroon ng pagkakataon na makilahok sa masayang global na kaganapan na ito. Ang mga karanasan ukol sa paghahanda ng mga lesson plan ay ating ibabahagi sa ating mga kaibigan mula sa UNGEI sa buong rehiyon, lalo na sa pamamagitan ng gawaing pagguhit na ating gagawin pagkatapos ng aralin. Mangyari po lamang na paki validate online ang inyong paglahok para aming mabilang ang inyong paaralan kasama ng libu-libong iba pa mula sa buong mundo.

Kami po ay naghanda ng ilang mga resources para makatulong sa inyong pagsali sa Big Story Lesson.

- Ang Big Story lesson plan
- Mga panuto para sa gawaing pagguhit

Sana po ay makibahagi kayo sa masayang gawain na ito upang matulungan nating mabigyan ng edukasyon ang bawat batang babae at lahat ng kababaihan sa buong mundo.

Lubos na gumagalang,

**2011 Linggo ng Global na Aksyon: ANG BANGHAY ARALIN NA “BIG STORY”
“Isa syang karapatan, gawin nating tama! Edukasyon para sa mga Batang Babae at Kababaihan
NGAYON NA!”**

OBJECTIVES

MGA LAYUNIN

1. Talakayin ang katotohanan na milyung-milyong bata at matatanda ang hindi kailanman nagkaroon ng pagkakataong makapag-aral at ang karamihan sa mga ito ay mga kababaihan at batang babae.
2. Hikayatin ang mga mag-aaral na harapin ang mundo mula sa perspektibo ng gender.
3. Talakayin ang mga pangakong ginawa ng ating mga lider at ang katotohanang hindi pa rin nila natutupad ang mga pangakong ito.
4. Ipakita sa mga mag-aaral kung papaano magpadala ng kanilang mensahe bilang pakikibahagi sa global na proyektong ito.

Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- Naiintindihan ang mga kapakinabangan na naidudulot ng pagbibigay ng edukasyon sa mga babae.
- Napapahalagahan ang mga pagkakaiba sa pamumuhay ng ibang bata mula sa iba't ibang bahagi ng mundo.
- Naiintindihan ang mga bagay na nakakatulong o nakakahadlang sa pagpasok ng mga babae sa paaralan.

BAHAGI A

SEKSYON A: PANIMULA (5 minuto)

Ipapaliwanag ng guro na ang mga bata sa iba't ibang bansa ng mundo ay nakikibahagi, kasama ng mga kapuri-puring babae, sa Big Story Lesson bilang pakikiisa sa milyun-milyong kababaihan at batang babae na hindi nakapag-aral.

Tatanungin ng guro ang mga bata kung alam nila ang bilang ng mga taong di nakapag-aral at kung ilan sa mga iyon ang kababaihan at batang babae.

Ang guro ay maaring magbahagi ng ilang mahahalagang katotohan:

- 72 milyong bata sa buong mundo ang kasalukuyang hindi nagaaral
- Sa bilang na ito, 54 porsyento (humigit kumulang 39 milyon) ay babae; at
- 2/3 sa mga mangmang na matatanda ay kababaihan.

Ang isang babae na hindi nakapag-aral ay mas posibleng:

- Mag-asawa ng maaga
- Magkaroon ng mga anak na hindi malusog at sakitin; at
- Maging hirap sa buhay

Ang guro ay magtatanong sa mga mag-aaral kung mayroon silang kakilalang mga kababaihan o batang babae na nakagawa ng isang bagay na dapat ipagmalaki. Sila ba ang nakapag-aral?

SEKSYON B – MGA PAPEL BATAY SA GENDER AT EDUKASYON

Ang guro ay magtatanong kung maari bang matukoy ng mga mag-aaral ang mga pangyayari na nagpapalaki ng agwat sa pagitan ng mga lalaki at babae at may dalang mga negatibong epekto sa kanilang pag-aaral.

Ang guro ay magtatanong ng kahalagahan ng mga oportunidad sa pag-aaral para sa mga kababaihan sa mga mahihirap na bansa.

(Para sa mas mataas na antas na aralin, talakayin ang Convention on the Rights of the Child). Maikling buod:

- Ang Convention on the Rights of the Child (CRC) ay ipinatupad noong 1989 at ito ang unang legal na instrumentong pandaigdig na nagbigay ng kompletong karapatang pantao.
- Nakasaad dito ang mga mahalagang karapatang pantao ng lahat ng bata saan man sa mundo, kahit ano man ang kanilang katayuan sa buhay, relihiyon, lahi, etc. Kabilang dito ang: karapatan na mabuhay; ang hasain ang kanilang galing hanggang sa abot ng kanilang makakaya; proteksyon mula sa mga impluwensiyang makakasasama, pang-aabuso; at ang pakikibahagi sa pamilya at buhay sosyal at cultural. Ang apat na mahalagang prinsipyo ng Convention ay ang non-discrimination; ang pagsasaisip ng mg interes ng bata; ang karapatang mabuhay at lumaki; at ang respeto sa paningin ng bata.
- Ang Convention ay naisabatas na halos sa buong mundo (194 na bansa).
- Sa pagsasabatas ng CRC, ang mga pamahalaan ay nangakong proprotektahan at ipagtatanggol ang mga karapatan ng bata – at sila ay pumapayag na maging responsable sa pangakong ito sa harap ng lahat ng bansa.

Ang guro ay mgababahagi ng ilang kaalaman tungkol sa heograpiya, iba'tibang kultura at uri ng pamumuhay ng mga bata sa pinakamahihirap na bansa sa mundo.

Ang guro ay magtatanong sa mga mag-aaral kung ano sa tingin nila ang maaring gawin para itaguyod ang pantay na oportunidad para sa mga lalaki at babae sa edukasyon.

Ang guro ay magtatanong sa mga mag-aaral kung ano ang mga uri ng hanapbuhay ang alam nila, at kung ang mga trabaho na ito ay ginagampanan ng mga lalake o mga babae.

Ang guro ay magtatanong sa kanila kung ano ang mga gawaing-bahay ang kanilang ginagawa. Ang mga ito ba ay gawain ng mga lalaki o mga babae? Ito ba ay makatarungan?

Ang guro ay magtatanong sa mga mag-aaral kung ano ang kanilang mararamdaman kung sinabihan sila ng kanilang mga magulang na hindi na sila kayang paaralin dahil sa dami ng gawaing-bahay na dapat nilang gawin.

Ang guro ay magtatanong sa mga mag-aaral kung bakit mahalaga ang pag-aaral at ang mga dahilan kung bakit ang ibang bata, lalo na ang mga babae, ay hindi nag-aaral.

Ang ibang mga kasagutan ay maaring:

- *Ang ibang bata ay naninirahan sa mga mapanganib na lugar na nasasalanta ng kalamidad;*
- *Sa ibang bansa, ang mga babae ay hindi binibigyang prayoridad kapag kapos sa budget sa edukasyon;*

- Ang mga babaeng mag-aaral ay maaring huminto sa pagaaral at mag-asawa ng maaga para makatulong sa gawaing bahay;
- May mga bata na naninirahan malayo sa paaralan at mapanganib para sa kanila ang maglakbay para pumasok kaya't iniwan na lamang sila sa bahay. Ang mga babae ang karaniwang nagiging biktima ng pang-aabuso at karahasan.
- Kahirapan: ang ibang bata ay napipilitang magtrabaho upang makatulong sa kanilang mga pamilya;
- Wala silang perang pambili ng mga aklat at uniform;
- Wala silang perang pambayad ng matrikula;
- Kulang ang bilang ng mga paaralan; at
- Kulang ang mga guro.

SEKSYON C – ANO ANG ATING MAARING GAWIN? (10 Minuto)

Ang guro ay magtatanong sa mga mag-aaral kung ano sa kanilang palagay ang mga bagay na makakatulong sa mga mag-aaral na babae na makapasok sa paaralan. Ang ibang mga kasagutan ay maaring:

- Dagdagan ang suporta mula sa mga pamahalaan para sa edukasyon ng mga babae sa mahihirap na bansa;
- Magbigay ng mga pasilidad para sa sanitasyon para sa mga babae para protektahan ang kanilang privacy;
- Alisin ang mga 'stereotype' na matatagpuan sa mga larawan na nakakapagbababa ng tingin sa sarili ng mga babae;
- Alisin ang matrikula at iba pang bayarin sa paaralan; at
- Hikayatin ang mga bata at matatandang lalaki na itaguyod ang edukasyon para sa babae.

Ang guro ay itatanong sa buong klase ang mga tanong na ito. Kung mayroong opisyal ng pamahalaan na makakadalo, maari ninyo din silang tawagin at tanungin.

- Ilang bata sa mundo ang wala sa paaralan?
- Ano ang grupo na pinaka api pagdating sa edukasyon?
- Magbigay ng pangalan ng isang sikat na babae na nakatapos sa pag-aaral.
- Magbigay ng mga dahilan kung bakit mahalaga ang edukasyon.
- Ano ang maari nating gawin upang mapabuti ang edukasyon para sa mga lalaki at babae?

SEKSYON D. GAWAIN (30 Minuto)

Ang guro ay sasabihan ang mga mag-aaral na mag-isip ng mga dahilan kung bakit mahalaga ang edukasyon para sa mga kababaihan. Sa pamamagitan ng mga larawan at pagguhit, itanong natin ito sa mga mag-aaral: “Paano makakatulong sa ating lahat ang edukasyon para sa babae?”

Tingnan ang nakalakip na flyer tungkol sa paligsahan sa pagguhit para sa karagdagang impormasyon. (Ang paligsahan na ito ay boluntaryo. Ang gawain ay maaring gawin maski hindi sumali sa paligsahan, at ang mga larawan ay maaring itago ng mga bata at mga paaralan).

Ang ibang mga kasagutan ay maaring:

- Ang isang batang babaeng nakapagaral ay magiging isang edukadang babae at mas mataas ang kanyang tsansang maging mas malusog, nakaaangat sa buhay at ang kanyang mga anak ay mas mataas din ang tsansang makapagaral;
- Ang mga edukadang babae ay nakakapagbigay ng mas magandang pangangalagang pangkalusugan sa kanilang mga anak; at

- *Ang maagang pag-aasawa ay maaring maiwasan at ang pagkakasakit sa AIDS ay nababawasan.*

Ang guro ay sasabihan ang mga mag-aaral na isipin kung ano ang magiging buhay natin kung halimbawang hindi nakapagalar ang lahat ng babae.

- *Ang guro ay mamimili ng 2-3 bata na magsasalita tungkol sa paksaang ito.*

Ang guro ay magbibigay ng mga halimbawa ng mga benepisyo ng edukasyon para sa lahat, kabilang ang mga babae. Ang ibang halimbawa ay maaring:

- *Ang mga edukadong tao ay mas malusog sapagkat sila ay nakakagawa ng mas maaayos na desisyon sa buhay at sila ay madaling makakakuha ng impormasyon tungkol sa malusog na pamumuhay.*
- *Ang edukasyon ay maglulutas sa problema sa gutom. Ang mga edukadong babae ay mas mataas ang tsansang magkaroon ng mga anak na malulusog.*
- *Ang edukasyon ay nakakasagip ng mga buhay. Ang isang batang pinanganak ng isang edukadong nanay ay mas mataas ang tsansang mabuhay hanggang sa edad na limang taong gulang.*
- *Ang edukasyon ay makakatulong sa pagalis ng kahirapan.*

Ang guro ay magtatanong sa klase kung sa tingin nila ay makatarungan ba na hindi lahat ng babae ay nagkakaroon ng pagkakataong makapagalar.

Paligsahan sa Pagguhit 2011

“Paano makakatulong sa ating lahat ang edukasyon para sa babae?”

Ang mga partners ng United Nations Girls' Education Initiative (UNGEI), East Asia and the Pacific (EAP) and South Asia (SA), ay malugod kayong inaanyahan na lumahok sa ika-3 paligsahan na nagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng mga kasarian sa edukasyon.

Ngayong taon, kayo ay maaring gumuhit ng mga larawan ng magpapahiwatig ng inyong mga ideya tungkol sa paksang **paano makakatulong sa ating lahat ang edukasyon para sa babae**.

Gantimpala

- Ang mga larawan ng 13 na magwawaging kalahok ay tatanghalin sa kalendaryo ng UNGEI (EAP at SA) na may temang “Gender in Education Calendar 2012”, na ipapamahagi sa buong rehiyon ng Asya at Pasipiko.
- Ang mga magwawaging kalahok ay magkakamit ng opisyal na certificates of merit.
- Ang mga mapipiling larawan ay ilalagay din sa mga website ng mga organizer. Bukod pa dito, lahat ng mga larawan ay gagamitin ng UNGEI at iba pang partner agency sa kanilang mga publikasyon, presentation, website and mga materyal kaugnay ng promotion at advocacy.

Mga panuto

Ang mga larawan ay dapat ipahiwatig ang saloobin ng mga kalahok tungkol sa paksang “paano makakatulong sa ating lahat ang edukasyon para sa babae”.

- Ang lahat ng larawan ay dapat nakaguhit sa A4 na papel.
- Ang mga larawan ay maaring de color or black/white.
- Maaring gumamit ng kahit na anong materyales sa pagguhit (crayons, lapis, pintura, etc.).
- Ilang halimbawa ng mga tema na maaring gamitin ng mga kalahok:
 - Mga gawaing pangpalakasan
 - Mga gawain sa bahay

- Paglalaro
- Mga kaganapan sa paaralan

Copyright

Sa pagsali sa paligsahan na ito, ang kalahok ay nagbibigay ng kanyang pahintulot sa lahat ng kasapi ng organizing agency na UNGEI (EAP at SA) upang gamitin ang kanyang larawan at ang kanyang pangalan, bansa at edad para sa credit purposes sa lahat ng presentation, website, dokumento at materyal na kaugnay ng promosyon ng trabaho ng mga nabanggit na organisasyon, na walang kabayaran, abiso o pahintulot.

Sino ang maaring sumali?

- Ang paligsahan ay bukas sa lahat ng mamamayan at residente ng Asya at Pasipiko.
- Ang mga kalahok ay dapat 18 taong gulang o mas bata.
- Mga lalaki at babae ay parehong inaanyayahang lumahok.

Bilang ng Larawan

Ang bawat kalahok ay maaring gumuhit ng isa o higit pa na larawan.

Paano sumali?

Mangyari po lamang na sagutan ang nakalakip na personal information form at isulat sa likod ng bawat larawan ang iyong buong pangalan, edad, kasarian at bansa.

Ang iyong paglahok sa paligsahang ito ay nagsasaad ng iyong pahintulot na ibigay ang iyong pangalan (first name lamang), edad at bansa sa mga publikasyon at website ng UNGEI. Bukod dito, wala nang ibang impormasyon ang ilalathala tungkol sa kalahok.

Ang mga larawan ay maaring ipadala bilang hard copy o digital mode.

Ipadala ang inyong mga larawan sa:
UNESCO Bangkok
APPEAL Unit
920 Sukhumvit Road, Prakanong, Klongtoey
Bangkok 10110, Thailand

O sa email: gender.bgk@unesco.org

(Ang mga digital submission ay dapat nasa TIFF, EPS or JPEG format na may resolution na hindi bababa sa 300 dpi)

Deadline

Lahat ng larawan ay dapat naming matanggap ng ika-1 ng Agosto 2011.

Pagpili ng mga Magwawaging Larawan

Lahat ng larawang matatanggap ay dadaan sa 2-round na proseso ng pagboto: 1) ang unang round

ay huhusgahan ng mga UNGEI partners; 2) ang ikalawang round ay gaganapin online at magiging bukas sa publiko.

Ang mga magwawaging kalahok ay ihahayag sa Nobyembre 2011.

Para sa karagdagang impormasyon, sumulat sa: gender.bgk@unesco.org

2nd PAGE

Paligsahan sa Pagguhit 2011

“Paano makakatulong sa ating lahat ang edukasyon para sa babae?”

Registration Form

Para sa bawat larawan at bawat kalahok, paki sulat sa salitang Ingles ang iyong:

Panglan:

Apelyido:

Edad:

Kasarian:

Bansa:

Tirahan:

Email address:

Ang iyong paglahok sa paligsahang ito ay nagsasaad ng iyong pahintulot na ibigay ang iyong pangalan (first name lamang), edad at bansa. Bukod dito, wala nang ibang impormasyon ang ilalathala tungkol sa kalahok.

Lagda ng kalahok

Lagda ng magulang/guro